

Hakbang 1: Pagrehistro sa Tatlong Salita

Tumingin nang tuwid sa tao at sabihin, "Pakisuyong makinig nang mabuti. May sasabihin akong tatlong salitang nais kong ulitin ninyo sa akin ngayon at subukang tandaan. Ang mga salita ay [pumili sa listahan ng mga salita mula sa mga bersyon sa ibaba]. Pakisabi ang mga iyon sa akin ngayon." Kung hindi maulit ng tao ang mga salita matapos ang tatlong pagsubok, lumipat sa Hakbang 2 (pagguhit ng orasan).

Ang sumusunod at ibang mga listahan ng salita ay nagamit na sa isa o higit pang klinikal na pag-aaral.¹⁻³ Para sa nauulit na pangangasiwa, inirekomenda ang paggamit ng alternatibong listahan ng salita.

Bersyon 1	Bersyon 2	Bersyon 3	Bersyon 4	Bersyon 5	Bersyon 6
Saging	Pinuno	Nayon	Ilog	Kapitan	Anak
Umaga	Panahon	Kusina	Bansa	Hardin	Langit
Upuan	Mesa	Sanggol	Daliri	Litrato	Bundok

Hakbang 2: Pagguhit ng Orasan

Sabihing: "Sunod, nais kong gumuhit ka ng orasan para sa akin. Una, ilagay ang lahat ng numero kung saan dapat nakapwesto ang mga ito." Kapag kumpleto na iyon, sabihing: "Ngayon, ilagay ang mga kamay sa 10 minuto makalipas ang 11."

Gamitin ang paunang nilimbag na bilog (tingnan ang susunod na pahina) para sa gawaing ito. Ulitin ang mga tagubilin hangga't kailangan dahil hindi ito pagsusulit sa pagkakabisa.

Lumipat sa Hakbang 3 kung hindi makukumpleto ang orasan sa loob ng tatlong minuto.


Hakbang 3: Pag-alala sa Tatlong Salita

Hilingin sa tao na alalahanin ang tatlong salitang sinabi mo sa Hakbang 1. Sabihin: "Ano ang tatlong salitang sinabi kong tandaan mo?" Itala ang numero ng bersyon ng listahan ng salita at ang sagot ng tao sa ibaba.

Bersyon ng Listahan ng Salita: _____ Mga Sagot ng Tao: _____

Pagpupuntos

Pag-alala sa Salita: _____ (0-3 puntos)	1 puntos para sa bawat salitang kusang naalala nang hindi binibigyan ng palatandaan.
Pagguhit ng Orasan: _____ (0 o 2 puntos)	Normal na orasan = 2 puntos. Ang normal na orasan ay mayroon ng lahat ng numero sa wastong pagkakasunod-sunod at humigit-kumulang tamang posisyon (hal., ang 12, 3, 6 at 9 ay nasa angklang posisyon) nang walang nawawala o magkaparehong mga numero. Ang mga kamay ay nakaturo sa 11 at 2 (11:10). Hindi binibigyan ng puntos ang haba ng kamay. Kawalang kakayahan o pagtanggap gumuhit ng orasan (hindi normal) = 0 puntos
Kabuuang Puntos: _____ (0-5 puntos)	Kabuuang puntos = puntos sa Pag-alala sa Salita + puntos sa Pagguhit ng Orasan. Ang cut point na <3 sa Mini-Cog™ ay napatotohanan para sa pagsasala para sa dementia, ngunit makakakuha ng mas mataas na puntos ang maraming indibidwal na may klinikal na makabuluhang kapansanan sa pag-unawa. Kung nais ng higit pang pagkasensitibo, inirekomenda ang cut point na <4 dahil maaari itong magpakita ng pangangailangan sa karagdagangpagsuri sa kalagayan sa pag-unawa.



Mga Sangguhian

1. Borson S, Scanlan JM, Chen PJ et al. The Mini-Cog as a screen for dementia: Validation in a population based sample. *J Am Geriatr Soc* 2003;51:1451–1454.
2. Borson S, Scanlan JM, Watanabe J et al. Improving identification of cognitive impairment in primary care. *Int J Geriatr Psychiatry* 2006;21: 349–355.
3. Lessig M, Scanlan J et al. Time that tells: Critical clock-drawing errors for dementia screening. *Int J Psychogeriatr*. 2008 June; 20(3): 459–470.
4. Tsoi K, Chan J et al. Cognitive tests to detect dementia: A systematic review and meta-analysis. *JAMA Intern Med*. 2015; E1-E9.
5. McCarten J, Anderson P et al. Screening for cognitive impairment in an elderly veteran population: Acceptability and results using different versions of the Mini-Cog. *J Am Geriatr Soc* 2011; 59: 309-213.
6. McCarten J, Anderson P et al. Finding dementia in primary care: The results of a clinical demonstration project. *J Am Geriatr Soc* 2012; 60: 210-217.
7. Scanlan J & Borson S. The Mini-Cog: Receiver operating characteristics with the expert and naive raters. *Int J Geriatr Psychiatry* 2001; 16: 216-222.